


ACTIVITY

A. Tulungan ang pastol na hanapin ang kanyang tupa.



Sagutin ang mga tanong.

- Ano ang ginawa ng pastol nang malaman niyang nawawala ang isa sa kanyang mga tupa?

- Sa palagay mo, bakit iniwan ng pastol ang 99 na tupa upang hanapin ang nawala?

- Naranasan mo na bang mawala ang isang bagay na mahalaga sayo? Ano ang naramdaman mo nang mahanap mo ito?

B. Gamit ang mga salitang nakalista sa gilid. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

K	J	P	A	G	M	A	M	A	H	A	L
N	K	P	W	N	A	O	N	P	I	W	P
B	U	A	N	P	W	L	A	U	N	V	A
T	H	E	Y	N	A	O	L	P	A	A	G
N	P	I	L	A	K	B	A	E	N	G	D
A	S	A	T	G	M	E	W	H	A	I	I
B	I	L	K	H	K	A	A	B	P	N	R
A	G	A	P	A	Y	O	N	T	K	I	I
S	A	G	A	T	L	J	L	A	T	P	W
B	N	A	U	P	G	A	T	A	N	B	A
A	R	A	L	A	P	O	G	S	O	S	N
T	A	L	I	N	G	H	A	G	A	A	G

TALINGHAGA

PILAK

KAYAMANAN

NAWALA

HINANAP

NATAGPUAN

PAGDIRIWANG

PAGMAMAHAL

GALAK

Sagutin ang mga tanong.

- Ano ang ginawa ng babae nang mawala ang isa sa kanyang mga pilak na barya?

- Bakit nagdiwang ang babae nang matagpuan niya ang nawawalang barya?

- Ano ang nais ni Jesus na matutunan natin mula sa mga talinghagang binasa?

Ang dalawang talinghaga ay nagtuturo sa atin na si Jesus ay lubos na nagmamalasa sa bawat tao, sino man sila o ano man ang kanilang ginawa. Aktibong hinahanap niya ang mga nakakaramdam na malayo sila sa Diyos o nakagawa ng malaking pagkakamali. Ito ay nagpapakita na ang bawat indibiduwal ay mahalaga at pinahahalagahan, tulad ng nawawalang tupa at barya. Kapag ang isang tao ay bumalik sa Diyos, si Jesus ay nagagalak at nagdiriwang, na nagpapakita ng Kanyang dakilang pag-ibig, habag, at pangako sa paglalapit sa mga tao sa Diyos.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Ethan ang pinakamaingay at pinakamakulit na bata sa kanilang klase. Madalas siyang sumingit habang nagtuturo ang guro, kinukuha ang mga laruan ng iba, at kung minsan ay nagbibiro nang masakit. Iniiwasan siya ng mga kaklase dahil ayaw nilang mapagalitan o masaktan dahil sa kanyang ugali. Nalulungkot si Ethan, pero hindi niya alam kung paano magbabago.

Isang araw, sinabi ni Gng. Rivera ang bagong *seating arrangement*. Napunta si Ethan sa tabi ni Lucas, isang tahimik at mabait na bata na laging tumutulong sa iba. Napabuntong-hininga si Ethan, "Aba, ayos! Ngayon katabi ko na si Mr. Perfect!" Ngumiti lang si Lucas at sinabing, "Masaya akong makatabi ka."

Sa simula, nagpatuloy si Ethan sa dati niyang gawi. Gumagawa siya ng ingay habang nag-aaral si Lucas, tinutukso siya dahil sa maayos niyang sulat, at minsan ay kinukuha pa ang kanyang lapis. Pero hindi nagalit si Lucas. Sa halip, sinabi niya nang kalmado, "Ethan, may dala akong ekstrang lapis kung kailangan mo."

Nagulat si Ethan. Wala pang nagbahagi ng gamit sa kanya noon. "Ah... salamat," mahinang sagot niya.

Kinabukasan, nakita ni Lucas si Ethan na nahihirapan sa isang problema sa Math. "Gusto mo bang turuan kita ng trick para masolve yan?" tanong ni Lucas. Nagkibit-balikat si Ethan, kunwari ay walang pakialam, pero nakinig siya. Hindi nagtagal, nasagot niya ang word problem. "Wow, ang galing," pag-amin ni Ethan.

Habang lumilipas ang mga araw, patuloy na naging mabait si Lucas kay Ethan. Inimbitahan niya si Ethan na maglaro tuwing recess at hinahatian siya ng kanyang baon. Dahan-dahang nagbago si Ethan. Hindi na siya masyadong sumisingit at humihingi na ng paumanhin kapag may ginawa siyang mali.

Isang hapon, nagpaiwan si Ethan pagkatapos ng klase para makausap si Lucas. "Bakit ang bait mo sa akin? Wala namang may gusto sa akin."

Sandaling nag-isip si Lucas at sinabi, "Kasi tinuruan ako ng mama ko ng kwento tungkol kay Jesus at sa isang pastol na mahal ang lahat ng kanyang tupa, lalong-lalo na yung naliligaw. Para kang naliligaw na tupa, at sa tingin ko, mahalagang alagaan ka, tulad ng ginawa ng pastol sa kanyang tupa."

Tahimik si Ethan nang sandali, tapos bumulong, "Salamat, Lucas. Ikaw ang unang nagsabi niyan sa akin."

Simula noon, naging malapit na magkaibigan sina Ethan at Lucas. Sa tulong ni Lucas, sinubukan ni Ethan na gumawa ng mas mabubuting desisyon. May mga pagkakataon pa rin siyang nagkakamali, pero ngayon, pinipilit na niyang itama ito.

Ang kabaitan ni Lucas ay parang pagmamahal ng pastol—laging handang alagaan ang nangangailangan, anuman ang mangyari.

Mga tanong. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

1. Bakit ayaw ng mga kaklase ni Ethan na makipaglaro sa kanya?
 - a. Dahil mahina siya sa klase
 - b. Dahil wala siyang laruan
 - c. Dahil tahimik siya
 - d. Dahil palagi niyang iniistorbo ang guro at kinukuha ang gamit ng iba

2. Ano ang ginawa ni Lucas nang kinuha ni Ethan ang kanyang lapis?
 - a. Nagalit siya
 - b. Kumuha siya ng lapis mula sa iba
 - c. Inalok niya si Ethan ng ekstrang lapis
 - d. Umiyak siya

3. Ano ang naramdaman ni Ethan nang sinabi ni Lucas na mahalaga siya?
 - a. Galit
 - b. Pagkalito
 - c. Pagpapasalamat
 - d. Takot

4. Ano ang naging pagbabago kay Ethan sa dulo ng kwento?
 - a. Hindi na siya nag-aral
 - b. Umalis siya sa paaralan
 - c. Pinilit niyang gumawa ng mas mabubuting desisyon
 - d. Hindi na siya nakipagkaibigan

5. Kung mayroon kang kaklase na mahirap pakisamahan, ano ang tamang gawin?
 - a. Tawanan siya kapag may ginawa siyang mali
 - b. Iwasan siya at huwag pansinin
 - c. Sabihin sa iba na huwag makipagkaibigan sa kanya
 - d. Magpakita ng kabaitan at unawain siya, tulad ng ginawa ni Lucas kay Ethan

6. Paano mo maipapakita ang pagmamahal ni Jesus sa iba sa inyong paaralan?
 - a. Magalit kapag may nang-aasar sa iyo
 - b. Tumulong sa kaklase na nahihirapan sa kanyang aralin
 - c. Maglaro mag-isa at huwag pansinin ang iba
 - d. Manira ng gamit ng kaklase na ayaw mo

Matututuhan nating mga bata mula kina Ethan at Lucas na ang kabaitan, pagtitiyaga, at pag-unawa ay makakatulong sa pagbabago ng iba para sa kanilang kabutihan. Tulad ni Lucas, maaari tayong maging mabuting kaibigan sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal at pagbibigay ng pangalawang pagkakataon, kahit na sa mga tao na mahirap pakisamahan. Sinasalamon nito ang mga aral mula sa talinghaga na mahal at pinahahalagahan ng Diyos ang lahat. Hindi Siya sumusuko sa atin, at nagagalak kapag tayo ay lumalapit sa Kanya. Kung paanong hindi sumuko si Lucas kay Ethan, maibabahagi natin ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng pagmamalasakit sa iba, anuman ang kanilang mga pagkakamali.



D. Memory Verse

"Isang bagong utos ang ibinigay Ko sa inyo ngayon: magmahalan kayo! Kung paano Ko kayo minahal, gayundin naman, magmahalan kayo." **Juan 13:34**

